# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV
# Yunit 2
# Modyul Blg. 6

# Ang Kaibuturan ng Tao

## I. Ano ang Inaasahang Matutuhan Mo?

Kamusta ka na muli mag-aaral? Sa araling ito, tiyak na magugustuhan mo ang mga gawain. Magkakaroon ka na naman ng mga karagdagang kaalaman.

Maraming aralin na ang tumalakay sa pagpapahalaga. Natutunan mo na ang mga kahalagahan nito. Subalit alam mo ba na sa kaibuturan o sentro ng pagpapahalaga ay mayroong mga pangunahing pagpapahalagang moral? Ang mga ito ay nakaugat sa dignidad ng tao.

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang matutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

*LC 2.1 Naipaliliwanag ang kahulugan ng anim na pangunahing pagpapahalagang moral (core moral values: love of God, love of truth, respect for life, respect for authority, respect for human sexuality, responsible dominion over material things)*

A. Nakikilala ang anim na pangunahing pagpapahalagang moral
B. Naibabahagi ang gawaing mag-aangat ng mga pangunahing pagpapahalagang moral
C. Natutukoy ang mga pangyayari o sitwasyong kaugnay sa mga pangunahing pagpapahalagang moral

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga

tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.

6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Tukuyin kung anong pagpapahalagang moral ang tinutukoy sa bawat sitwasyon. Titik lamang ang isulat.

A. Pagmamahal sa Diyos
B. Pagpapahalaga sa katotohanan
C. Paggalang sa buhay
D. Paggalang sa kapangyarihan
E. Paggalang sa sekswalidad
F. Wastong pamamahala sa materyal na bagay

1. Napaliligiran ng matataas na gusali ang tahanan nina Ana subalit nagawa pa rin niyang maglagay ng maliit na hardin sa kanilang bakuran.
2. Buntis si Susan subalit nais ng kanyang kasintahan na ipalaglag ang sanggol. Hindi pumayag si Susan.
3. Inalok si Juan ng mumurahing pabango. Halos kalahati ang kanyang matitipid. Alam niyang ito ay huwad kaya hindi siya bumili.
4. Hindi pinayagan si Ricky ng kanyang ama na sumama sa fieldtrip kaya nanatili na lamang siya sa kanilang tahanan.
5. Sa tuwing matatapos ang mahabang pagsusulit, hindi nakakalimot si Josie na magpasalamat sa Diyos.
6. Ibinabalik ni Joan ang mga biyayang kaloob sa kanya ng Diyos sa pamamagitan ng pagtulong sa kanyang mga kaibigan.
7. Itinuturing nina Mico at Gina na tunay ang kanilang pagmamahalan subalit naniniwala sila sa limitasyon ng kanilang relasyon bilang matalik na magkaibigan.
8. Bagama't natalo si Mang Jaime sa halalan, naniniwal siyang naging malinis ang pagkapanalo ng kanyang kalaban kaya siya ay sumusunod dito.
9. Kumakain at nag-eehersisyo nang mabuti si Ruben.
10. Sa isang unibersidad na karamihan ay mga lalaki ang nag-aaral, pinauuna nila ang mga kababaihan sa pagpila sa kantina.
11. Nalugi ang negosyo ni Mang Pastor. Iniwan din siya ng kanyang asawa at nalaman niyang hindi pumapasok sa paaralan ang kanyang kaisa-isang anak. Subalit naisip pa rin niyang maaayos din ang lahat kaya hindi niya dapat wakasan ang kanyang buhay.


12. Inalok si Mario na maging testigo sa kaso ng kanilang kapitbahay upang mapawalang sala ito.  Hindi pumayag si Mario kahit na malaki ang halagang ibibigay sa kanya.
13. Iginigiit ni Tony ang kanyang pag-ibig kay Corazon kahit na siya ay may asawa na.  Hindi pumayag si Corazon.
14. Mahigpit na pinatutupad ang bawal na pagtawid sa tapat ng malaking mall kaya nagtiyaga si Aling Maria sa pag-akyat sa tulay.
15. Maaaring kopyahin ang CD na naglalaman ng mga pananaliksik na ginawa ng mga kamag-aral ni Dina at ipagbili sa ibang mag-aaral. Subalit hindi niya ito ginawa.

Nahirapan ka ba sa pagsagot sa panimulang pagsusulit?  Simulan mo naman ang pagsagot sa mga gawain.

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Itala sa bawat kahon ang mga pangyayari o sitwasyon sa kapaligiran na lumalabag sa anim na pangunahing pagpapahalagang moral. Maaaring tularan ang mga halimbawa.



## Sagutin Mo

1. Paano mo nalaman ang mga paglabag sa anim na pangunahing pagpapahalagang moral?
2. Ano ang iyong nagiging damdamin sa tuwing napapanood, naririnig o nakikita ang mga paglabag na ito?
3. Bakit kailangang pahalagahan ang anim na pangunahing pagpapahalagang moral?

## Gawain Blg. 2

Natukoy mo na ang mag paglabag sa anim na pangunahing pagpapahalagang moral. Ngayon naman ay ibahagi mo ang mga paraan upang maiangat at mapaunlad ang anim na pangunahing pagpapahalagang moral. Isulat sa kuwaderno ang mga pagpapahalagang moral na tinutukoy sa bawat sitwasyon at isulat kung ano ang iyong pasya.

| | |
|---|---|
| 1. Ang iyong guro ay iniwan ang buong klase upang ihatid sa clinic ang iyong kamag-aral na hinimatay. Ikaw ang pangulo ng klase. Ano ang dapat mong gawin upang mapasunod sila?<br><br>Pagpapahalagang Moral<br>______________________________<br>Pasya<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | |
| | 2. Sa inyong barangay ay mayroong programa ukol sa paglilinis dahil sa naparaming basurang nasa paligid. Nadadaanan mo sila patungo sa pagbabasketbol. Ano ang gagawin mo?<br>Pagpapahalagang Moral<br>______________________________<br>Pasya<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

| | |
|---|---|
| 3. Tuwing araw ng lingo ay nagsisimba ang inyong buong mag-anak. Subalit marami kang proyekto at pag-susulit na kinabukasan. Ano ang iyong gagawin?<br><br>Pagpapahalagang Moral<br>____________________<br>Pasya<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | |
| | 4. Madalas kang tinutuksong bakla ng iyong mga kamag-aral. May nagsabi pa sa iyo na magpakatotoo ka na. Ano ang iyong gagawin?<br><br>Pagpapahalagang Moral<br>____________________<br>Pasya<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |
| 5. Sinabi ng iyong kaibigan ay hindi na niya kayang lutasin ang kanyang mga suliranin sa buhay kaya nais na niyang magpakamatay. Ano ang gagawin mo?<br><br>Pagpapahalagang Moral<br>____________________<br>Pasya<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | |
| | 6. Ikaw ay testigo laban sa nasasakdal mong tiyuhin. Nais ng iyong mga kamag-anak na magsinungaling ka sa hukuman upang hindi makulong ang tiyuhin mo. Ano ang iyong gagawin?<br><br>Pagpapahalagang Moral<br>____________________<br>Pasya<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |


### Sagutin Mo

1. Paano mo natukoy ang anim na pangunahing pagpapahalagang moral?
2. Upang mapaunlad ang iyong pagpapahalagang moral, ano ang dapat mong gawin?
3. Kung nakikita mo naman ang mga paglabag sa mga pagpapahalagang moral, ano ang maaari mong magawa?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Ibuod ang naging aralin. Gamitin ang mga tanong at "flow chart" bilang gabay.

1. Bakit kailangang iayon sa pagpapahalagang moral ang kilos ng tao?
2. Paano nakapagpapabuti sa sarili ang moral na kilos?
3. Ano ang naibubunga ng pagsusuri sa mga kaganapan sa paligid sa pagpapabuti ng sariling kilos?




Anim na Pangunahing Pagpapahalagang Moral

## V. Pagpapatibay

Ang dignidad ng tao ang nag-aangat at nagpapatunay na natatangi siyang nilalang. Ang dignidad din ng tao ang pinag-ugatan ng anim na pangunahing pagpapahalagang moral.

1. Pagmamahal sa Diyos (love of God) – Bilang nilikha ng Diyos, marapat na Siya ay mahalin. Higit pa ditto Siya ang pinagmulan ng pag-ibig kaya sinasabing Ang Diyos ay pag-ibig. Siya ang pinagmulan ng tao at Siya rin ang patutunguhan ng tao (ultimate end).
2. Pagpapahalaga sa Katotohanan (love of truth) – ang katotohanan ay maaaring tuklasin ng tao dahil sa kanyang intellect at will. Ang kanyang pag-iisip ay may kapasidad na magsuri, magmuni-muni at timbangin ang katotohanan ng bawat bagay. Ang katotohanan ay hindi nagbabago kahit magbago pa ang panahon.
3. Paggalang sa buhay (respect for life) – ang buhay ay dakilang kaloob ng Diyos sa tao. Ang paggalang ditto ay paraan ng pagpapahalaga at pagmamahal sa Diyos. Hindi maaaring isakripisyo ang buhay para lamang sa material na kagalingan.
4. Paggalang sa Kapangyarihan (respect for authority) – ang unang tatlo sa sampung utos ng Diyos ay ang patungkol sa paggalang sa kapangyarihan ng Diyos. Siya ang nagbigay ng buhay sa atin kayat marapat lamang na igalang at sambahin ang Diyos. Ang pang-apat na utos ay ang paggalang sa mga magulang Sila ang paraan at tinawag na kasama sa paglikha (co-creator) ng tao sa mundo. Sila rin ang bumubuhay at nangangalaga sa kanilang mga anak kaya nararapat na sila ay igalang. Ang pinuno naman ng bayan ay iginagalang dahil sila ang namumuno ng kaayusan at kabutihan ng lahat.
5. Paggalang sa Sekswalidad (respect for human sexuality) - ang pagiging mabuting babae at mabuting lalaki ay sukatan ng mabuting pagkatao. Walang kahihinatnan ang dunong at yaman kung walang paggalang sa iyong sekswalidad at sekswalidad ng iba. Ang pagiging marangal ng tao ay nababatay kung paano ka kumilos ayon sa iyong kasarian.
6. Wastong Pamamahala ng mga Materyal na Bagay (responsible dominion over material things) - naunang likhanin ng Diyos ang lahat ng bagay, may buhay o wala kaysa sa tao. Kayat ang tao ang siyang ginawang tagapangasiwa (steward) ng mga ito. Ang tao ay lilipas sa mundong ito ngunit mananatili ang mga bagay na ito sa mundo.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Gunitain mo ang araw na nakagawa ka ng kabutihan. Isulat ang mga ito sa tamang kolum at isulat ang pangunahing pagpapahalaga moral ang iyong napagyaman.

| Mga Kabutihang Nagawa | Pangunahing Pagpapahalagang Moral na Napagyaman |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | |

## VII. Gaano Ka Natuto?

Tukuyin kung anong pagpapahalagang moral ang tinutukoy sa bawat sitwasyon. Titik lamang ang isulat.

A. Pagmamahal sa Diyos
B. Pagpapahalaga sa katotohanan
C. Paggalang sa buhay
D. Paggalang sa kapangyarihan
E. Paggalang sa sekswalidad
F. Wastong pamamahala sa materyal na bagay

1. Napaliligiran ng matataas na gusali ang tahanan nina Ana subalit nagawa pa rin niyang maglagay ng maliit na hardin sa kanilang bakuran.
2. Buntis si Susan subalit nais ng kanyang kasintahan na ipalaglag ang sanggol. Hindi pumayag si Susan.
3. Inalok si Juan ng mumurahing pabango. Halos kalahati ang kanyang matitipid. Alam niyang ito ay huwad kaya hindi siya bumili.
4. Hindi pinayagan si Ricky ng kanyang ama na sumama sa fieldtrip kaya nanatili na lamang siya sa kanilang tahanan.
5. Sa tuwing matatapos ang mahabang pagsusulit, hindi nakakalimot si Josie na magpasalamat sa Diyos.
6. Ibinabalik ni Joan ang mga biyayang kaloob sa kanya ng Diyos sa pamamagitan ng pagtulong sa kanyang mga kaibigan.
7. Itinuturing nina Mico at Gina na tunay ang kanilang pagmamahalan subalit naniniwala sila sa limitasyon ng kanilang relasyon bilang matalik na magkaibigan.
8. Bagama't natalo si Mang Jaime sa halalan, naniniwal siyang naging malinis ang pagkapanalo ng kanyang kalaban kaya siya ay sumusunod dito.
9. Kumakain at nag-eehersisyo nang mabuti si Ruben.
10. Sa isang unibersidad na karamihan ay mga lalaki ang nag-aaral, pinauuna nila ang mga kababaihan sa pagpila sa kantina.

11. Nalugi ang negosyo ni Mang Pastor. Iniwan din siya ng kanyang asawa at nalaman niyang hindi pumapasok sa paaralan ang kanyang kaisa-isang anak. Subalit naisip pa rin niyang maaayos din ang lahat kaya hindi niya dapat wakasan ang kanyang buhay.
12. Inalok si Mario na maging testigo sa kaso ng kanilang kapitbahay upang mapawalang sala ito. Hindi pumayag si Mario kahit na malaki ang halagang ibibigay sa kanya.
13. Iginigiit ni Tony ang kanyang pag-ibig kay Corazon kahit na siya ay may asawa na. Hindi pumayag si Corazon.
14. Mahigpit na pinatutupad ang bawal na pagtawid sa tapat ng malaking mall kaya nagtiyaga si Aling Maria sa pag-akyat sa tulay.
15. Maaaring kopyahin ang CD na naglalaman ng mga pananaliksik na ginawa ng mga kamag-aral ni Dina at ipagbili sa ibang mag-aaral. Subalit hindi niya ito ginawa.

## VIII. Sanggunian


Aberion, Elenita, et.at. 1994. Kaganapan ng Buhay. Manila: CEU Press.

CBCP. 2000. Katesismo Para sa mga Pilipinong Katoliko. Manila: CBCP/ECCE Word and Life Publications.

Esteban, Esther J. 1990. Education in Values. Pasig City: Sinagtala Publishing Inc.


## Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. F
2. C
3. B
4. D
5. A
6. A
7. E
8. D
9. C
10. E
11. C
12. B
13. E
14. D
15. B

Gaano Ka Natuto?

1. F
2. C
3. B
4. D
5. A
6. A
7. E
8. D
9. C
10. E
11. C
12. B
13. E
14. D
15. B